DIOCESE OF SAITAMA

TOKIWA 6-4-12, Urawa-ku,
SAITAMA city
〒330-0061, JAPAN
TEL：048-831-3150
FAX：048-824-3532

カトリックさいたま教区

さいたま市浦和区
常盤 6-4-12
〒330-0061

Para sa lahat ng aking mga kapatid sa Diyosesis ng Saitama:

**"Sapagkat aming nakita ang kanyang bituin sa Silangan at naparito kami upang sambahin siya." (Mateo 2:2)**



Sa ngalan ng Panginoong Hesus at ng Banal na Mag-anak nais kong bumati sa inyo ng maligayang Pasko at manigong Bagong Taon 2019!

Una sa lahat, nais kong pasalamatan ang bawat isa sa inyo sa mga parokya, sa espirituwal at pastoral na mga gawain, at sa mga relihiyosong komunidad dahil sa kapatiran at mainit na pagtanggap sa akin at pangtanggap sa akin bilang bagong Obispo at sa panalangin ninyo sa akin.

Sa pagsunod ko sa mga yapak ng mga obispong nauna sa akin, ipinadala ko ang aking mensahe para sa Pasko 2018 at Bagong Taon 2019. Sana ang taon 2019 ay mapuno ng biyaya na sinimulan ng Solemnidad ng Mahal na Birhen Maria, Ina ng Diyos at Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan!

<u>May Malaking Pasasalamat</u>

Pagkatapos na matanggap ang anunsyo sa paghirang sa akin bilang Obispo ng Diyosesis ng Saitama, ako ay inanyayahan sa Diocesan Pastoral Workers Conference (Hunyo 25-27) ni Arsobispo OKADA Takeo, na siyang apostolikong tagapangalaga ng diyosesis. Iyon ay unang pagkakataon na nakisalamuha ng maraming pari, diyakono, relihiyoso at laiko na nakatuon sa gawaing pastoral at sa pagbabahagi ko ng oras sa kanila ay nagbigay linaw sa akin sa pagiging Obispo nila.

At sa Episkopal na Ordinasyon na ginawa sa Jubilee Hall sa Akenohoshi School, mayroong 1,600 katao kasali na ang mga Obispo ng Japanese Episcopal Conference at kapwa obispo galing sa ibang bansa, mga provincial at mga pari sa iba't-ibang relihiyosong kongregasyon, mga pari ng Diyosesis ng Saitama at maraming layko. Walang duda na iyon ay eklesiyal na Pentekostes para sa akin.

<u>Pagsunod sa Bituin</u>

Nais kong ibahagi sa inyo ang nakaantig sa kalooban ko sa loob sa mga Misa at sa unang bisita pastoral sa mga parokya at relihiyosong komunidad pagkatapos ng episcopal na ordinasyon. Natulungan nila ako kung ano ang diyosesis, kapwa charismatic na antas mula estilo at kapaligiran ng buhay sa komunidad at sa antas ng institusyon galing sa organisasyon, komisyon at mga grupo ng mga parokya.

Ang diyosesis ng Saitama ay walang duda na mayroong malaking kinabukasan. Ang Banal na Espiritu Santo ay gumawa ng mga kababalaghan at patuloy na nagpamangha as akin sa pamamagitan ng kanyang pagbabagong gawa as ating diyosesis. Ang Magnificat na dinadasal ng Simbahan sa Bespiras araw-araw ay nagpabago sa ating buhay at kaparehas ng naramdaman ng Birheng Maria bago ang maawain at probidensiya na gawain ng Diyos.

Nais kong ihambing ang mensaheng ito sa palabas ng Pantas sa Silangan, na sumunod sa mga tanda ng dakilang bituin ay dumating sa Bethlehem kung saan natagpuan ang Batang Hesus at Maria at Jose at bawat-isa ay nagbigay ng kayamanan bilang tanda ng pagsamba at pagmamahal. Naihambing ko ang tagpong ito sa Pantas ng Silangan na inilarawan ni San Mateo Ebanghelista dahil sa pinanggalingan at daanan ng aking Kritiyanong Pananampalataya at gaya ng ilang mga Japanese at imigrante na nagbahagi sa mga pagpupulong sa New Evangelization.

<u>Ang Batang Mag-asawa na Nakakita as Bituin sa Silangan</u>

As Mayo 31, 1964 ang aking mga magulang at kanilang limang mga anak, kung saan ako ang pinakamatanda as edad na walo at kalahating taon, ay lumisan as Yokohama Port papuntang Argentina. Iniwan ng aking ama ang kanyang trabaho at magandang sweldo pati ang bagong tayong bahay, at mga kamag-anak at mga kaibigan. Higit sa lahat siya ay may minimithi, para sa kanya ito ay tawag na galing sa Diyos; "Lumisan ka sa iyong bansa kasama ang pamilya at ang bahay ng iyong ama papunta sa lugar na aking ipakita sa iyo" (Gen. 12:1).

Ang mithiing ito ay nagkatotoo sa pamamagitan ng pagbabasa at ang lengguwaheng Espanyol ay kanyang natutunan sa pamamagitan ng language program sa radio. Siya ay 35 taong gulang. Sa pakiwari ko ay ang panahon na iyon ng buhay ay isang malakas na "Kairos", ang itinalagang panahon ng layunin ng Diyos. Kung ang pinakamahalagang desisyon o ang kinabuhasan ng kanilnga buhay, ang aking mga magulang ay talagang kumbinsido na ito ay ang mithiin din ng Diyos.

At patuloy silang naglakbay sa landas na ginabayan ng bituin, na hindi palaging nakikita. Minsan sila ay nanirahan sa San Juan, ang probinsiya sa paanan ng Andes Mountains kung saan ang ulan ay tatlo o apat na beses lamang sa isang taon. Seguradong tumitingin sila sa mga bituin at naramdaman nilang totoong kasama nila ang Diyos.

Iniwan ng aking ama ang ligtas na buhay na tumatanggap ng sweldo sa Nippon Telegraph at Telephone Public Corporation para lang maging magsasaka. Ang kanyang mga aklat sa agrikultura na kanyang binili sa Japan ay nakakatulong sa pagharap sa klima at heyograpikal na situwasyon ng San Juan. At may natutunan silang Espanyol na kasabihan: "Pagdadasal sa Diyos at pagtatayon ng itak panghardin," Kaya sinimulan nila ang bawat araw ng panalanging pang-umaga at nagtatapos ang araw sa isang buong Rosario sa gabi at pinalaki ang 9 na mga anak sa espiritu ng pakikipagsapalaran.

Ang bawat isa sa aking pamilya ay nabuhay ng iba't-ibang karanasan hanggang ngayon. Sabi ng Espanyol na makata na si Antonio Machado: "Wayfarer, there is no way. Make your way by going further."

<u>Ang Bituin ng Bagong Ebanghelisasiyon (EM 82, EG 284)</u>

Tatapusin ko ang mensaheng ito sa isang pagsangguni kay Maria, Ina ni Hesus at Ina ng ating diyosesis. Sampung taon pagkatapos ng pagsara ng Ikalawang Konsilyo Batikano, sa maraming titulo ni Maria isang bagong mamahaling bato ng "Star Evangelization" (EN82) ay idinagdag sa Apostolic Exhortation on the Evangelization of the Contemporay World, Evangelii Nuntiandi (Disyembre 8, 1975) Ang Papa Francisko sa kanyang Apostolic Exhortation, The Joy of the Gospel, Evangelii Gaudium, nagsasaad na "kung wala siya ay hindi natin tunay na maintindihan ang espiritu ng bagong ebanghelisasyon" (EG284). Alam ni Maria kung paano hanapin ang nararapat na mga salita at gawa upang maging kanais-nais bilang tapat na bayan ng Diyos. Bilang totoong pinanggalingan ng ating kasiyahan ay tinulungan niya tayong pahalagahan ang Ebanghelyo ni Hesus.

Maria, Ina ni Hesus at Ina ng bawat isa sa atin, ay maging tunay na bituin na gagabay sa ating paglalakbay habang ang diyosesis ng Saitama ay nagsimula ng bagong taon bilang bayan ng Diyos. Ang pagbabasbas ko bilang inyong pastol at alagad ay sumainyong lahat.

Pasko 2018

Mario YAMANOUCHI Michiaki<br>Obispo ng Diyosesis ng Saitama